<p><b>Mga karagdagang serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)</b></p>	<p>Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa Mga May Chronic na Karamdaman (SSBCI)</p> <p>Ang mga nabanggit na benepisyo ay bahagi ng Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa Mga May Chronic na Karamdaman. Hindi lahat ng miyembro ay kwalipikado. Bukod sa pagiging high-risk, mayroon dapat kayo ng isa o higit pa sa mga sumusunod na chronic na karamdaman: cancer, mga cardiovascular disorder, mga chronic at malubhang kundisyon ng kalusugan sa pag-iisip, mga chronic na karamdaman sa baga, diabetes. May iba pang kwalipikadong kundisyong hindi nakalista. Hindi magagarantiyahan ang pagiging kwalipikado para sa benepisyong ito batay lang sa inyong kundisyon. Dapat matugunan ang lahat ng naaangkop na kinakailangan sa pagiging kwalipikado bago maibigay ang benepisyo. Para sa mga detalye, pakitingnan ang inyong Handbook ng Miyembro o makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro.</p>	<p>\$0</p>	<p><b>Kung kwalipikado</b>, puwede ninyong gamitin ang inyong Wellcare Spendables® allowance para sa mga karagdagang benepisyong ipinapakita sa ibaba. Kapag natukoy nang kwalipikado, magiging available ang mga pinalawak na benepisyong itoi sa loob ng 7-10 araw ng negosyo. Tingnan ang seksyong Wellcare Spendables® sa chart na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa Wellcare Spendables® card. Puwedeng gamitin ang inyong allowance sa card para sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>● <b>Pagbabayad ng gasolina sa pump</b> - Puwede ninyong gamitin ang inyong card para magbayad ng gasolina nang direkta sa pump. Hindi puwedeng gamitin ang card para magbayad mismo sa cash register. Magagamit lang ang card ninyo hanggang sa available na halaga ng allowance.</li> <li>● <b>Malusog na Pagkain</b> - Puwede ninyong gamitin ang inyong card bilang pambayad sa malulusog na pagkain at produkto sa mga kasaling retailer. Posibleng may mga available na opsyon sa paghahatid para sa mga kwalipikadong grocery item. Puwedeng mag-order ng mga inihanda nang pagkain gamit ang online portal.</li> </ul>

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA).

Pangangailangan o alalahaning pangkalusugan	Mga serbisyong posibleng kailangan ninyo	Mga gastos ninyo para sa mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network	Mga limistasyon, eksepsiyon, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
<p><b>Mga karagdagang serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)</b></p>			<ul style="list-style-type: none"> <li>● <b>Tulong sa Bahay at Mga Item para sa Kaligtasan</b> - Puwede ninyong gamitin ang inyong card para makatulong sa pagbabayad para sa pagkontrol sa mga peste at insekto. Magagamit din ninyo ang inyong card para sa mga item na pantulong at para sa kaligtasan sa tahanan, kasama ang pag-install. Mag-log in sa inyong member portal para bumili ng mga tinatanggap na item at tingnan ang mga kwalipikadong serbisyo.</li> <li>● <b>Tulong sa Renta</b> - Puwede ninyong gamitin ang inyong card para makatulong sa pagbabayad ng renta/mortgage ninyo sa bahay.</li> <li>● <b>Tulong sa Utility</b> - Puwede ninyong gamitin ang inyong card para makatulong sa gastos sa mga utility ninyo sa bahay. Puwedeng gamitin ang inyong card sa mga gastos sa utility kasama ang tubig, heating oil at natural gas, kuryente, basura, serbisyo ng cable TV (hindi kasama ang mga serbisyo ng streaming), landline o mobile phone, at internet.</li> </ul>

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA).

Pangangailangan o alalahaning pangkalusugan	Mga serbisyong posibleng kailangan ninyo	Mga gastos ninyo para sa mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network	Mga limistasyon, eksepsiyon, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
<p><b>Mga karagdagang serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)</b></p>	<p>Wellcare Spendables®</p>	<p>\$0</p>	<p>Makakatanggap kayo ng <b>\$121 kada buwan</b> na ipe-preload sa inyong Wellcare Spendables® card para gastusin sa mga OTC na item, at mga serbisyo sa pangangalaga sa Ngipin, Paningin, at Pandinig. Ang inyong buwanang allowance ay <b>maidaragdag sa susunod na buwan kung hindi nagamit at mag-e-expire sa katapusan ng taon ng plano.</b></p> <p>Puwedeng gamitin ang inyong allowance sa card para sa mga sumusunod:</p> <p><b>Mga item na nabibili nang walang reseta (OTC)</b> - Puwedeng gamitin ang inyong card sa mga kasaling lokasyon ng retail, gamit ang mobile app, o online sa pamamagitan ng inyong member portal para mag-order para sa delivery sa bahay. Kasama sa mga halimbawa ng mga saklaw na item ang mga branded at generic na item na nabibili nang walang reseta, mga bitamina, mga pain reliever, mga item para sa sipon at allergy, at mga item para sa diabetes.</p> <p><b>Ngipin, Paningin, at Pandinig</b> Puwede ninyong gamitin ang inyong card para makatulong na mabawasan ang inyong gastos mula sa bulsa para sa mga kuwalipikadong serbisyo sa pangangalaga sa ngipin, paningin, at pandinig.</p>

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA).

Pangangailangan o alalahaning pangkalusugan	Mga serbisyong posibleng kailangan ninyo	Mga gastos ninyo para sa mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network	Mga limistasyon, eksepsiyon, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
<p><b>Mga karagdagang serbisyo (ipinagpatuloy sa susunod na pahina)</b></p>			<p><b>Ang mga benepisyong binanggit sa ibaba ay bahagi ng SSBCI. Hindi lahat ng miyembro ay kuwalipikado. Dapat ninyong matugunan ang mga pamantayan sa pagiging kuwalipikado para sa mga sumusunod na benepisyo ng plano.</b></p> <p>Kung kuwalipikado kayo, puwedeng gamitin ang inyong card allowance para sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>● Pagbabayad ng gasolina sa pump</li> <li>● Malusog na Pagkain</li> <li>● Mga Kagamitan para sa Pantulong sa Bahay at Seguridad</li> <li>● Mga Item at Serbisyo para sa Pagkontrol ng Peste</li> <li>● Tulong sa Renta</li> <li>● Tulong sa Utility</li> </ul> <p>Sumangguni sa Mga Espesyal na Karagdagang Benepisyo para sa Mga May Chronic na Karamdaman (SSBCI) sa chart na ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga benepisyong ito.</p> <p>Para sa higit pang impormasyon, at mga pagbubukod, pakibasa ang inyong Handbook ng Miyembro.</p>

Pangangailangan o alalahaning pangkalusugan	Mga serbisyong posibleng kailangan ninyo	Mga gastos ninyo para sa mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network	Mga limistasyon, eksepsiyon, at impormasyon tungkol sa benepisyo (mga patakaran tungkol sa mga benepisyo)
<b>Mga karagdagang serbisyo (ipinagpatuloy mula sa nakaraang pahina)</b>	Benepisyo sa wellness	\$0	<p>Naghahandog kami ng maraming programa na nakatuon sa ilang kundisyon ng kalusugan. Kasama sa mga ito ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>● Nursing Hotline at</li> <li>● Fitness benefit</li> </ul> <p>Nagbibigay ang benepisyo sa fitness ng basic na fitness membership sa mga kasaling pasilidad, o puwede kayong humiling ng pambahay na programa para sa fitness.</p> <p>Para sa detalyadong listahan ng mga iniaalok na benepisyo ng programa para sa wellness, sumangguni sa <i>Handbook ng Miyembro</i>.</p>

Ibinibigay ang buod ng mga benepisyo na nasa itaas para lang makapagbigay ng impormasyon at hindi ito isang kumpletong listahan ng mga benepisyo. Para sa isang kumpletong listahan at higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo, puwede ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro* ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP). Kung wala kayong *Handbook ng Miyembro*, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa mga numerong nakasulat sa ibaba ng pahinang ito para makakuha nito. Kung mayroon kayong mga tanong, puwede rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro o bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA).




**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA).

## D. Mga benepisyong saklaw sa labas ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP)

May ilang serbisyo na puwede ninyong makuha na hindi saklaw ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) pero saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o isang ahensya ng Estado o county. Hindi ito isang kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero na nasa ibaba ng pahinang ito para alamin ang tungkol sa mga serbisyonang ito.

Iba pang serbisyonang saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o isang Ahensya ng Estado	Mga gastos ninyo
Waiver sa Assisted Living (ALW)	\$0
Multipurpose na Programa ng Mga Serbisyo para sa Nakatatanda (MSSP)	\$0
Mga Serbisyo ng Mga Panrehiyong Center	\$0
Mga Serbisyo ng Espesyalista o Mga Espesyalistang Tagapagbigay ng Serbisyo para sa Problema sa Paggamit ng Substance (SUD) ng County	\$0
Mga Waiver na Serbisyonang Nakabase sa Bahay at Komunidad (HCBS) o Mga Tagapagbigay ng Serbisyonang Ito	\$0
Mga Pansuportang Serbisyo sa Loob ng Bahay (IHSS) o Mga Tagapagbigay ng Serbisyonang Ito	\$0
Medi-Cal Rx: Mga Serbisyo sa Inireresetang Gamot o Mga Tagapagbigay ng Serbisyo na Saklaw ng Medi-Cal	\$0
Mga Plano ng Denti-Cal: Mga Serbisyo o Tagapagbigay ng Serbisyo sa Pangangalaga sa Ngipin ng Medi-Cal	\$0

 **Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA).

Iba pang serbisyong saklaw ng Medicare, Medi-Cal, o isang Ahensya ng Estado	Mga gastos ninyo
<p>Ilang partikular na serbisyo sa pangangalaga sa ngipin</p> <p>Makikita ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng miyembro sa Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin (DMC) sa <a href="http://www.dental.dhcs.ca.gov/Contact_Us/DMC_Member_Contact_Information/DMCMemberContactInformation">www.dental.dhcs.ca.gov/Contact_Us/DMC_Member_Contact_Information/DMCMemberContactInformation</a>.</p> <p>Para sa Fee-For-Service na Programa ng Medi-Cal Dental, makipag-ugnayan sa Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 o bisitahin ang website sa <a href="http://smilecalifornia.org">smilecalifornia.org</a> o <a href="http://sonriecalifornia.org">sonriecalifornia.org</a>.</p>	\$0
Ilang partikular na serbisyo ng pangangalaga sa hospisyong saklaw sa labas ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP)	\$0
Psychosocial na rehabilitasyon	\$0
Naka-target na pamamahala ng kaso	\$0
Silid at pamamalagi sa rest home	\$0

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA).

## E. Mga serbisyong hindi saklaw ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP), Medicare, at Medi-Cal

Hindi ito isang kumpletong listahan. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero na nasa ibaba ng pahinang ito para alamin ang tungkol sa iba pang hindi kasamang serbisyo.

Mga serbisyong hindi saklaw ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP), Medicare, at Medi-Cal	
Mga serbisyong itinuturing na hindi “makatwiran at medikal na kinakailangan,” ayon sa mga pamantayan ng Medicare at Medi-Cal, maliban kung ililista namin ang mga ito bilang mga saklaw na serbisyo.	Isang pribadong kuwarto sa isang ospital, maliban kapag ito ay medikal na kinakailangan.
Mga pang-eksperimentong medikal at surgical na paggamot, mga item, at mga gamot, maliban kung sinasaklaw ang mga ito ng Medicare, isang klinikal na pananaliksik na pag-aaral na inaprubahan ng Medicare, o ng aming plano. Sumangguni sa Kabanata 3 ng inyong <i>Handbook ng Miyembro</i> para sa karagdagang impormasyon sa mga klinikal na pananaliksik na pag-aaral. Ang mga sinusubukan pa lamang na paggamot at mga gamit ay ang mga hindi pangkahalatang tinatanggap ng medikal na komunidad.	Buong panahon na pangangalaga ng nurse sa inyong tahanan.
Mga pribadong naka-duty na nurse	

## F. Mga karapatan ninyo bilang miyembro ng plano

Bilang miyembro ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP), mayroon kayong ilang partikular na karapatan. Puwede ninyong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi kayo pinaparusahan. Puwede rin ninyong gamitin ang mga karapatang ito nang hindi tinatangalan ng inyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Sasabihin namin sa inyo ang tungkol sa inyong mga karanasan nang kahit man lang isang beses kada taon. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, pakibasa ang *Handbook ng Miyembro*. Kasama sa inyong mga karapatan ang mga sumusunod, pero hindi ito limitado sa mga ito:

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](https://go.wellcare.com/HealthNetCA).

- **May karapatan kayo para sa paggalang, pagiging patas, at dignidad.** Kasama rito ang karapatang:
  - Makakuha ng mga saklaw na serbisyo nang walang alalahanin tungkol sa medikal na kundisyon, status ng kalusugan, pagtanggap ng mga serbisyong pangkalusugan, karanasan sa mga claim, medikal na history, kapansanan (kabilang ang problema sa pag-iisip), marital status, edad, sex (kabilang ang mga sex stereotype at kinikilalang kasarian), sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, lahi, kulay, relihiyon, pinaniniwalaan, o pagtanggap ng tulong mula sa pamahalaan
  - Makakuha ng impormasyon sa ibang wika at format (halimbawa, malalaking print, braille, o audio) nang walang babayaran
  - Maging malaya mula sa anumang anyo ng pisikal na pamimigil o seklusyon
  
- **May karapatan kayong makakuha ng impormasyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan ninyo.** Kasama rito ang impormasyon tungkol sa paggamot at mga opsyon ninyo sa paggamot. Ang impormasyong ito ay dapat nasa wika at format na nauunawaan ninyo. Kasama rito ang karapatang makakuha ng impormasyon tungkol sa:
  - Paglalarawan ng mga serbisyong saklaw namin
  - Paano makakakuha ng mga serbisyo
  - Magkano ang gagastusin ninyo sa mga serbisyo
  - Pangalan ng mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan
  
- **May karapatan kayong magdesisyon tungkol sa inyong pangangalaga,** kabilang ang pagtanggap sa paggamot. Kasama rito ang karapatang:
  - Pumili ng tagapagbigay ng serbisyo ng pangunahing pangangalaga (PCP) at palitan ang inyong PCP anumang oras sa loob ng taon
  - Gumamit ng tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa kababaihan nang walang referral
  - Makuha agad ang inyong mga saklaw na serbisyo at gamot
  - Alamin ang tungkol sa lahat ng opsyon sa paggamot, magkano man ang mga ito at saklaw man ang mga ito o hindi
  - Tumanggi sa paggamot, kahit na taliwas ito sa payo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan
  - Huminto sa pag-inom ng gamot, kahit na taliwas ito sa payo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

- Humingi ng pangalawang opinyon. Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) ang magbabayad para sa gastos ng inyong pagbisita para sa pangalawang opinyon
- Ipaalam ang inyong mga kahilingan sa pangangalagang pangkalusugan sa isang paunang direktiba
- **May karapatan kayo sa maagap na pag-access sa pangangalaga nang walang anumang balakid sa komunikasyon o pisikal na access.** Kasama rito ang karapatang:
  - Makakuha ng maagap na medikal na pangangalaga
  - Makapasok at makalabas sa opisina ng tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Nangangahulugan ito ng access na walang balakid para sa mga taong may mga kapansanan, alinsunod sa Americans with Disabilities Act
  - Magkaroon ng mga tagasalin para tulungan kayong makipag-usap sa inyong mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at sa inyong planong pangkalusugan
- **May karapatan kayong humingi ng emergency at agarang pangangalaga kapag kailangan ninyo.** Ibig sabihin, may karapatan kayong:
  - Makakuha ng mga pang-emergency na serbisyo nang walang paunang awtorisasyon sa isang emergency
  - Gumamit ng tagapagbigay ng serbisyong wala sa network o tagapagbigay ng serbisyo sa emergency na pangangalaga kapag kailangan
- **May karapatan kayo sa pagiging kumpidensyal at privacy.** Kasama rito ang karapatang:
  - Humingi at makakuha ng kopya ng inyong mga medikal na record sa paraang mauunawaan ninyo at hilinging baguhin o itama ang inyong mga record
  - Panatilihin pribado ang inyong personal na impormasyong pangkalusugan
- **May karapatan kayong maghain ng reklamo o mag-apela ng tinanggihan, naantala, o binagong serbisyo, pakitingnan ang seksyon G sa ibaba.** Kasama rito ang karapatang:
  - Maghain ng reklamo o karaingan laban sa amin o sa aming mga tagapagbigay ng serbisyo
  - Iapela ang ilang partikular na desisyong ginawa namin o ng aming mga tagapagbigay ng serbisyo

- Maghain ng reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DMHC) sa toll-free na numero ng telepono (1-888-466-2219), o TDD line (1-877-688-9891) para sa mga may problema sa pagdinig at pagsasalita. Ang website ng DMHC ([www.dmhc.ca.gov/](http://www.dmhc.ca.gov/)) ay may mga form ng reklamo, mga form ng aplikasyon para sa Independiyenteng Pagsusuring Medikal (IMR), at mga tagubilin na available online.
- Humiling sa DMHC ng IMR ng mga serbisyo o item ng Medi-Cal na medikal ang katangian
- Humiling ng Pagdinig ng Estado
- Makakuha ng detalyadong dahilan kung bakit tinanggihan ang mga serbisyo at humingi ng mga libreng kopya ng lahat ng impormasyong ginamit para isagawa ang desisyon

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan, puwede ninyong basahin ang *Handbook ng Miyembro*. Kung mayroon kayong anumang tanong, puwede ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa mga numerong nasa ibaba ng pahinang ito.

Puwede rin ninyong tawagan ang espesyal na Ombudsman para sa mga taong may Medicare at Medi-Cal sa 1-855-501-3077, Lunes hanggang Biyernes, mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., o ang Medi-Cal Opisina ng Ombudsman sa 1-888-452-8609, Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

---

## G. Paano maghain ng reklamo o mag-apela ng tinanggihan, naantala, o binagong serbisyo

Kung may reklamo kayo o sa tingin ninyo ay nagkamali ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa pagtanggap, pag-antala, o pagbabago sa isang serbisyo, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa ibaba ng pahinang ito. Puwede rin kayong magsunite ng reklamo sa pamamagitan ng pagsulat sa Grievances Medicare Operations, P.O. Box 10450, Van Nuys, CA 91410-0450. Puwede ninyong iapela ang aming desisyon.

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, puwede ninyong basahin ang **Kabanata 9** ng *Handbook ng Miyembro*. Puwede rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa mga numerong nasa ibaba ng pahinang ito. Puwede rin kayong makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro tungkol sa mga karaingan.

Kung hindi pa rin kayo sang-ayon sa desisyong ito, puwede ninyong gawin ang mga sumusunod:

- Humiling ng “Independiyenteng Pagsusuring Medikal” (IMR) at ang inyong kaso ay susuriin ng isang reviewer mula sa labas na hindi nauugnay sa planong pangkalusugan
- Humiling ng “Pagdinig ng Estado” at ang inyong kaso ay susuriin ng isang hukom

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA).

**Puwede kayong humiling ng IMR at Pagdinig ng Estado nang sabay.** Puwede rin kayong humiling ng isa bago ang isa pa para malaman kung sasapat na ito para malutas ang inyong problema. Halimbawa, kung IMR ang una ninyong hiniling, pero hindi kayo sang-ayon sa desisyon, puwede pa rin kayong humiling ng Pagdinig ng Estado pagkatapos. Pero kung Pagdinig ng Estado ang una ninyong hiniling, at nasimulan na ang pagdinig, hindi na kayo makakahiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang may pinal na desisyon.

Wala kayong babayaran para sa IMR o Pagdinig ng Estado.

### **INDEPENDIYENTENG PAGSUSURING MEDIKAL (IMR)**

Kung gusto ninyo ng IMR, dapat kayong humiling nito sa loob ng **180 araw sa kalendaryo** mula sa petsa nitong sulat na “Abiso ng Resolusyon sa Apela.” Nakasaad sa talata sa ibaba ang impormasyon kung paano hihiling ng IMR. Tandaan na ang salitang “karaingan” ay tumutukoy pareho sa “mga reklamo” at “mga apela.”

Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ang responsable sa pagkontrol sa mga plano sa serbisyong pangangalagang pangkalusugan. Kung may karaingan kayo laban sa inyong planong pangkalusugan, dapat muna ninyong tawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa **1-800-431-9007** at gamitin ang proseso ng apela ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) bago makipag-ugnayan sa Departamento. Ang paggamit sa proseso ng karaingan na ito ay hindi nagbabawal sa anumang potensiyal na legal na mga karapatan o remedyong maaari ninyong gamitin. Kung kailangan ninyo ng tulong sa isang karaingan kaugnay ng isang emergency, isang karaingang hindi nakasisiyang niresolba ng inyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi pa nareresolba nang mahigit 30 araw sa kalendaryo, puwede ninyong tawagan ang Departamento para sa tulong. Maaari rin kayong maging kwalipikado sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review o IMR). Kung karapat-dapat kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng iminungkahing serbisyo o paggamot, pagsaklaw para sa mga desisyon para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang at mga hindi pinagkasunduan na pagbabayad para sa mga emergency o agarang serbisyong medikal. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (**1-888-466-2219**) at TDD line (**1-877-688-9891**) para sa mga may problema sa pandinig at pagsasalita. Ang Internet Website ng Departamento ([www.dmhca.gov](http://www.dmhca.gov)) ay may mga form ng reklamo, mga form ng aplikasyon para sa IMR, at mga tagubilin online.

### **PAGDINIG NG ESTADO**

Kung gusto ninyo ng Pagdinig ng Estado, dapat kayong humiling nito sa loob ng **120 araw sa kalendaryo** mula sa petsa ng “Abiso ng Resolusyon sa Apela” (NAR) na nagsasabing partial o ganap na panghahawakan ang nakaraang Hindi Paborableng Desisyon sa Benepisyo. Pero **kung kasalukuyan kayong nagpapagamot at gusto ninyong ipagpatuloy ang paggamot, dapat kayong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw sa kalendaryo** mula sa petsa kung kailan na-post mark o naihatid sa inyo ang sulat ng NAR, O bago ang petsa kung kailan hihinto ang mga serbisyo ayon sa inyong planong pangkalusugan. Dapat ninyong sabihin na gusto ninyong ipagpatuloy ang paggamot kapag humiling kayo ng Pagdinig ng Estado.

---

**Kung mayroon kayong mga tanong,** pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 57

Puwede kayong humiling ng Pagdinig ng Estado:

- Sa telepono: Tumawag sa **1-800-952-5253**. Posibleng maging napaka-busy ng numerong ito. Posible kayong makatanggap ng mensaheng nagsasabing tumawag ulit sa ibang pagkakataon. Kung may problema kayo sa pagsasalita o pandinig, pakitawagan ang **TTY/TDD 1-800-952-8349**
- Sa sulat: Punan ang form ng Pagdinig ng Estado o magpadala ng sulat sa:  
**California Department of Social Services**  
**State Hearings Division**  
**P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-433**  
**Sacramento, CA 94244-2430**
- Online at sa fax:


Online sa [www.cdss.ca.gov](http://www.cdss.ca.gov) at Fax: **1-916-309-3487** o toll-free sa **1-833-281-0903**.

Kasama sa sulat na ito ang isang form ng Pagdinig ng Estado. Tiyaking ilagay ang inyong pangalan, address, numero ng telepono, Social Security Number, at ang dahilan kung bakit ninyo gusto ng Pagdinig ng Estado. Kung may tumutulong sa inyo na humiling ng Pagdinig ng Estado, ilagay ang kanyang pangalan, address, at numero ng telepono sa form o sulat. Kung kailangan ninyo ng tagasalin, sabihin sa amin ang wikang ginagamit ninyo. Hindi ninyo kailangang magbayad para sa tagasalin. Ikukuha kayo ng Dibisyon ng Mga Pagdinig ng Estado. Kung mayroon kayong kapansanan, puwede kayong ikuha ng Dibisyon ng Mga Pagdinig ng Estado ng mga espesyal na akomodasyon nang wala kayong babayaran para makasali kayo sa pagdinig. Pakilagay ang impormasyon tungkol sa inyong kapansanan at ang akomodasyong kailangan ninyo.

Pagkatapos ninyong humiling ng Pagdinig ng Estado, puwedeng umabot nang hanggang 90 araw sa kalendaryo bago pagpasyahan ang inyong kaso at padalhan kayo ng sagot. Kung sa tingin ninyo ay makasasama sa inyong kalusugan ang paghihintay nang ganoong katagal, posible kayong makakuha ng sagot sa loob ng 3 araw sa kalendaryo. Hilingin sa inyong doktor o planong pangkalusugan na sumulat para sa inyo. Dapat ipaliwanag nang detalyado sa sulat kung paanong ang paghihintay nang hanggang 90 araw sa kalendaryo bago mapagdesisyunan ang inyong kaso ay malubhang makasasama sa inyong kalusugan, o sa kakayahan ninyong maabot, mapanatili, o maipanumbalik ang maximum na pag-iral. Pagkatapos, tiyaking humiling ng “**pinabilis na pagdinig**” at ibigay ang sulat kasama ng inyong kahilingan para sa pagdinig.

Puwede kayong magsalita mismo sa Pagdinig ng Estado. O puwede ring magsalita sa para sa inyo ang isang kamag-anak, kaibigan, tagapagtaguyod, doktor, o abogado. Kung gusto ninyong ibang tao ang magsalita para sa inyo, dapat ninyong sabihin sa opisina ng Pagdinig ng Estado na pinapayagang magsalita ang taong iyon para sa inyo. Ang tawag sa taong ito ay “awtorisadong kinatawan.”

---

 **Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA). 58

Para sa mga tanong tungkol sa mga reklamo at apela, puwede ninyong basahin ang Kabanata 9 ng *Handbook ng Miyembro* ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO-SNP). Puwede rin ninyong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO- D-SNP).

Kung mayroon kayong problema, alalahanin, o mga tanong kaugnay ng inyong mga benepisyo o pangangalaga, pakitawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Health Dual Align (HMO D-SNP) sa mga numerong nakalista sa ibaba ng pahinang ito.

---

## H. Ano ang dapat gawin kung naghihinala kayo na may panloloko

Matapat ang karamihan sa mga propesyonal at organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo. Sa kasamaang-palad, posibleng may ilang hindi tapat.

Kung sa tingin ninyo ay may maling ginagawa ang isang doktor, ospital, o iba pang parmasya, makipag-ugnayan sa amin.

- Tawagan kami sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP). Ang mga numero ng telepono ay nasa ibaba ng pahinang ito.
- O, tawagan ang Medi-Cal Customer Service Center sa 1-800-541-5555. Ang mga gumagamit ng TTY ay puwedeng tumawag sa 1-800-430-7077.
- O tawagan ang Medicare sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048. Maaari ninyong tawagan ang mga numerong ito nang libre, 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo.
- O, tawagan ang Fraud Hotline ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-977-3565 (TTY: 711). Puwede ninyong tawagan nang libre ang numerong ito.

Ipadala ang inyong ulat sa:  
Special Investigations Unit  
7700 Forsyth Blvd.  
Clayton, MO 63105

---

**Kung mayroon kayong mga tanong**, pakitawagan ang Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) sa 1-800-431-9007 (TTY: 711). Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang [go.wellcare.com/HealthNetCA](http://go.wellcare.com/HealthNetCA).

**Kung mayroon kayong mga pangkalahatang tanong o mga tanong tungkol sa aming plano, mga serbisyo, sineserbisyuhang lugar, pagsingil, o Mga ID Card ng Miyembro, pakitawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP):**

1-800-431-9007

Libre ang mga tawag sa numerong ito. Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Pakitandaan na pagkatapos ng mga oras ng trabaho, kapag Sabado at Linggo, at kapag mga pederal na holiday mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, posibleng ang automated phone system namin ang sumagot sa inyo. Kung mag-iiwan kayo ng voicemail message, pakibanggit ang inyong pangalan at numero ng telepono, at tatawagan kayo ng isang miyembro ng team sa loob ng isang (1) araw na may pasok.

Mayroong ding makukuhang libreng serbisyo ng interpreter sa wika mula sa Mga Serbisyo para sa Miyembro para sa mga hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. Mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, available ang mga kinatawan mula Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, available ang mga kinatawan mula Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m.

**Kung may mga tanong kayo tungkol sa inyong kalusugan:**

Tawagan ang inyong tagapagbigay ng serbisyo ng pangunahing pangangalaga (PCP). Sundin ang mga tagubilin ng inyong PCP para sa pagkuha ng pangangalaga kapag sarado ang opisina.

Kung sarado ang opisina ng inyong PCP, puwede rin ninyong tawagan ang Linya para sa Pagpapayo ng Nurse. Pakikinggan ng isang nurse ang inyong problema at sasabihan niya kayo kung paano makakakuha ng pangangalaga.

(Halimbawa: agarang pangangalaga, emergency room). Ang mga numero ng Linya para sa Pagpapayo ng Nurse ay:

1-800-893-5597

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, 365 araw bawat taon.

Mayroong ding makukuhang mga libreng serbisyo ng tagasalin mula sa Wellcare Health Net Dual Align para sa mga hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, 365 araw bawat taon.

**Kung kailangan ninyo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali, pakitawagan ang Linya ng Kalusugan ng Pag-uugali:**

1-800-646-5610

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, 365 araw bawat taon

Mayroong ding makukuhang mga libreng serbisyo ng tagasalin mula sa Wellcare Health Net Dual Align (HMO D-SNP) para sa mga hindi nagsasalita ng Ingles.

TTY: 711

Libre ang mga tawag sa numerong ito. 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo, 365 araw bawat taon.



Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko.

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko.

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko.